


**10. Humukay** ng pangpigil sa bumababang lupa na may sukat na .5m ang lalim, 1m ang lapad at 1m ang haba sa loob ng kanal daluyan.




**Mga gamit na kailangan sa paggawa o' pagtatag ng Contour Farm**

1. Bareta o' matibay at matulis na panghukay
2. Pala
3. Bolo
4. Pangtulos, estaka o' *Stakes*
5. Asarol
6. Kalabaw
7. Araro
8. "A" Frame




## Mga Kahalagahan ng Pagsasaka sa Lugar na Dahilig


**1. Pumipigil sa pagkaagnas ng lupa.**



**2. Pumipigil sa tuloy-tuloy na pagdaloy ng tubig-ulan at napapanatiling bahagyang basa ang lupa na kailangan ng tanim.**



**3. Napapanumbalik ang taba ng lupa.**




**4. Nagiging maayos ang kapaligiran at nagbibigay ng karagdagang ani at kita.**



Department of Agriculture  
**BUREAU OF SOILS AND  
WATER MANAGEMENT**

# Paraan sa Pangangalaga ng Lupa at Tubig sa Dahilig na Sakahan



**BSWM CUSTOMER CENTER**  
SRDC Bldg., Elliptical Road, corner Visayas Avenue,  
Diliman, Quezon City 1100  
bswmclientcenter@yahoo.com  
FB Page @theBSWM  
<https://www.facebook.com/theBSWM/>  
Tel. # (63-2) 332-9534


**1. M**arkahan ang linya na pantay-pantay ang taas sa pamamagitan ng “A” frame mula sa tuktok ng burol.



**4. I**lagay ang lupang hinukay sa ibabaw ng kanal para magsilbing panangga.




**7. A**ng kanal daluyan ay dapat dadaan mula sa taas pababa ng burol.



**2. L**inangin ang markadong linya para mabuo ang tudling..



**5. T**animan ng “Napier” na damo o N-fixing na mga kahoy sa bandang itaas ng kanal.



**8. G**umawa ng “check dams” sa kanal daluyan at ibaon sa lupa ang mga estaka.



**3. H**ukayin ang lupa sa tudling (.5m ang lapad at .5m ang lalim)



**6. G**umawa ng kanal na may sukat na .5m ang lapad at .5m ang lalim na magsisilbing daluyan ng tubig mula sa *contour* kanal.



**9. I**salansan ang mga biniyak na kawayan o maliliit na sanga sa nakabaon na estaka.

